

# Maaaring Kwalipikado ang mga Nakaligtas sa Wildfire para sa Mga Benepisyo sa Kawalan ng trabaho sa Kalamidad

---

Release Date: September 1, 2023

**HONOLULU** – Habang sinira ng mga wildfire ang mga tahanan, sinira din nila ang mga trabaho. Maaaring hindi alam ng mga residente na maaari silang mag-aplay ng Tulong para sa Kawalan ng trabaho sa Kalamidad mula sa estado ng Hawaii.

Ang mga manggagawa, may-ari ng negosyo at mga may sariling pagkakakitaan na residente ng Maui na naging walang trabaho o nabawasan ang oras ng trabaho o naantala dahil sa mga wildfire noong Agosto ay maaaring maging karapat-dapat para sa mga benepisyo sa pagkawala ng trabaho sa kalamidad. Sinasaklaw ng mga benepisyong iyon ang **Agosto 13 hanggang Peb. 10, 2024, kung ang kawalan ng trabaho ng indibidwal ay patuloy na direktang resulta ng kalamidad**. Ang regular na seguro sa kawalan ng trabaho at mga benepisyo sa pagkawala ng trabaho sa kalamidad ay hindi maaaring bayaran nang sabay.

**Ang huling araw ng aplikasyon:** Ang mga indibidwal na naniniwalang kwalipikado sila para sa Tulong para sa Kawalan ng trabaho sa Kalamidad ay dapat mag-aplay sa lalong madaling panahon. Ang huling araw para mag-aplay ay sa **Lunes, Setyembre 25**.

**Para mag-aplay:** Ang mga indibidwal ay maaaring maghain ng paghahabol sa Tulong sa Kawalan ng trabaho sa Kalamidad sa <https://uicclaims.hawaii.gov>. Ang mga hindi makapaghahain ng online na paghahabol ay maaaring tumawag para mag-aplay nang walang bayad o para sa karagdagang impormasyon sa alinman sa mga numerong ito: **833-901-2272; 833-901-2275; 808-762-5751 o 808-762-5752**

**Pagiging karapat-dapat:** Ang mga indibidwal ay maaaring maging karapat-dapat na mag-aplay kung ang kanilang kawalan ng trabaho ay direktang resulta ng



**FEMA**

Page 1 of 2

sakuna ng wildfire. Halimbawa, kung:

- nagkaroon ka ng pisikal na pinsala o pagkasira sa iyong lugar ng trabaho;
- hindi ka makapunta sa iyong pinagtatrabahuan dahil sarado ang mga kalsada bilang bahagi ng pagtugon sa sakuna.

Gayundin, ang mga karapat-dapat na indibidwal ay maaaring ang mga:

- mga pinipigilan na maabot ang kanilang trabaho o lokasyon ng sariling pinagkakakitaan dahil sa sakuna;
- hindi maaaring magsagawa ng mga serbisyo sa pagtatrabaho o sa sariling pinagkakakitaan dahil sa pinsalang dulot ng direktang resulta ng sakuna.
- naging pangunahing suporta sa sambahayan dahil sa pagkamatay ng pinuno ng sambahayan dahil sa sakuna;
- mga nakatakandang magsimula o ipagpatuloy ang trabaho o ang sariling pinagkakakitaan ngunit napigilan ng sakuna. Halimbawa, ang mga nasa industriya ng agrikultura at pangingisda.

Para sa pinakabagong impormasyon sa mga pagsisikap na bumangon sa wildfire ng Maui, bisitahin ang [mauicounty.gov](http://mauicounty.gov) at [fema.gov/disaster/4724](http://fema.gov/disaster/4724). Sundan ang FEMA sa social media: [@FEMARegion9](https://twitter.com/FEMARegion9) at [facebook.com/fema](https://facebook.com/fema).

